

Gusto kong mag-enroll sa *My Health LA* (MHLA)! Ano ang dapat kong gawin?

Ano ang *My Health LA*?

Ang My Health LA program ay isang WALANG BAYAD na programa para sa pangangalaga ng kalusugan para sa may mga mababang kita na residente ng County ng Los Angeles na hindi nakakakuha ng insurance sa kalusugan. Ang MHLA ay isang programa kung saan ang mga kasali ay maaaring makatanggap ng patuloy at may kalidad na pangangalaga sa kalusugan mula sa isang pangkat ng mga provider para sa pangangalaga ng kalusugan sa mga klinika sa komunidad.

Paano Ako Makaka-enroll?

Maaari kayong mag-enroll sa MHLA sa pamamagitan ng pagbisita sa My Health LA Clinic. Para makahanap ng klinika na malapit sa inyo:

- ◆ Tumawag sa MHLA Member Services sa 1-844-744-6452 (MHLA) Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- ◆ Bumisita sa www.dhs.lacounty.gov/wps/portal/dhs/mhla para makahanap ng mapa at listahan ng mga klinika ng MHLA.
- ◆ Paunang tumawag sa klinika para makapag-schedule ng appointment o makapag-enroll.
- ◆ Parating libre ang pag-a-apply sa My Health LA!

Ano ang Dapat Kong Maasahan?

- ◆ Isang "enroller" (tumatanggap ng mga nagpapa-enroll) sa klinika ang magtatatanong ng mga detalyadong katanungan tungkol sa inyong tirahan, laki ng inyong pamilya, at kung magkano ang kinikita ninyo, at posibleng pati na rin ng inyong pamilya.
- ◆ Ang impormasyong ito ay gagamitin para mapagpasyahan kung kayo ay karapat-dapat para sa MHLA.
- ◆ Ang impormasyon na inyong ipagkakaloob ay hindi ibabahagi sa iba. Para lamang ito sa programa ng MHLA.
- ◆ Maaaring tumagal ang proseso mula 15 minuto hanggang isang oras, depende sa bilang ng mga tao na nag-a-apply mula sa inyong pamilya.



Ano ang Dapat Kong Dalhin?

Para makapag-apply sa MHLA, kailangan ninyong magpakita ng isang ID, katibayan na kayo ay nakatira sa County ng Los Angeles, at isang dokumento na nagpapakita ng inyong kita. Halimbawa:

Katibayan kung sino kayo

- Driver's License o ID
- Resident Card
- Foreign passport (Pasaporte sa Ibang Bansa) o ID
- ID sa Paaralan
- ID sa Trabaho
- Iba pang ID na may litrato

Katibayan na kayo ay nakatira sa County ng Los Angeles

- Driver's License o ID para sa California
- Mga Utility Bill (Singilin sa Palingkurang Bayan tulad ng kuryente, tubig, gas atbp.) na ipinalabas nitong huling 60 araw
- Liham na nakasaad ang address ninyo nitong huling 60 araw
- Iba pang pinakabagong katibayan na kayo ay nakatira sa L.A. County

Impormasyon sa Inyong Kita

- Kopya ng pinakahuling paystub (nitong pinakahuling 45 araw)
- Pahayag mula sa employer kung magkanon ang inyong suweldo o kinikita
- Tax returns noong isang taon
- Pahayag ng hindi pagtatrabaho, pagiging beterano, mga benepisyo mula sa social security, atbp.
- Iba pang impormasyon tungkol sa kita

Tumawag sa MHLA Member Services sa 1-844-744-6452 (MHLA) Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.

